# Kataga ng Buhay

**Oktubre 2021**

## "Alam natin na sa lahat ng bagay, gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya"

(Roma 8:28).

Ang Katagang ating iminumungkahing isabuhay sa buwang ito ay hango sa liham ni San Pablo sa mga taga-Roma. Mahaba ang salaysaying ito, sagana sa pagninilay at pangaral, na isinulat bago siya tumungo sa Roma upang ihanda ang kanyang pagbisita sa pamayanang iyon na hindi pa niya nakikilala nang personal.

Binibigyang-diin nitong ikawalong kabanata ang bagong buhay ayon sa Banal na Espiritu at ang pangakong walang-hanggang buhay na naghihintay sa bawat tao, lipi at sa buong sansinukob.

**"Alam natin na sa lahat ng bagay, gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya."**

Bawat kataga sa pangungusap na ito ay makahulugan. Inihahayag ni San Pablo na, una at higit sa lahat, bilang mga Kristiyano, nakilala natin ang pagmamahal ng Diyos at batid natin na ang bawat karanasan ay bahagi ng Kanyang dakilang plano ng kaligtasan.

Ang lahat – ayon kay San Pablo –ay tumutulong upang maisakatuparan ang planong ito: ang mga pagdurusa, pag-uusig, mga pansariling kabiguan at kahinaan, subalit higit sa lahat, ang pagkilos ng Espiritu ng Diyos sa puso ng mga taong tumatanggap sa Kanya.

Tinitipon at inaako pa rin ng Banal na Espiritu ang lahat ng hinaing ng sanlibutan at ng sangnilikha.[1] Ito ang kasiguruhan na ang plano ng Diyos ay magaganap.

Sa ating panig, kailangan nating aktibong tumugon sa pagmamahal ng Diyos sa pamamagitan ng ating pagmamahal, na ipinapaubaya ang ating sarili at ang bawat pangangailangan sa ating Ama. Sumaksi tayo sa pag-asa natin sa bagong langit at bagong mundo[2] na inihahanda Niya para sa mga nagtitiwala sa Kanya.

**"Alam natin na sa lahat ng bagay, gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya."**

Paano natin tatanggapin itong matinding panukala sa pang-araw-araw nating buhay?

Ito ang mungkahi ni Chiara Lubich, ang nagtatag ng Focolare: "Una sa lahat, hindi tayo dapat huminto sa panlabas, materyal o makamundong anyo ng mga bagay, bagkus maniwala na ang bawat pangyayari ay isang pagpapahayag ng pagmamahal ng Diyos sa

atin. Makikita natin na ang buhay, na maaaring magmistulang tela na puno ng nagkabuhul-buhol na sinulid at hibla, sa katunayan, ay isang kahanga-hangang disenyo na hinahabi ng pag-ibig ng Diyos ayon sa ating pananampalataya. Ikalawa, kailangang ipaubaya natin ang ating sarili sa pagmamahal na ito sa bawat sandali, na may buo at ganap na pagtitiwala, sa maliliit man o malalaking pangyayari sa ating buhay. Kung alam nating ihabilin ang ating sarili sa pagmamahal ng Diyos sa mga ordinaryong pagkakataon, bibigyan Niya tayo ng lakas upang maipagkatiwala natin ang ating sarili sa Kanya sa pinakamahihirap na sandali, na maaring isang matinding pagsubok, isang pagkakasakit o ang oras mismo ng kamatayan. Kaya't sikapin nating mabuhay sa ganitong paraan, hindi para sa pansariling kapakanan – dahil ipinapakita ng Diyos sa atin ang Kanyang plano at, sa gayon, makatagpo ng aliw mula sa Kanya – kundi dahil nais nating mahalin lamang Siya. Makikita natin na ang ganitong nagtitiwala ng pagpapaubaya sa Diyos ay isang bukal ng liwanag at walang-hanggang kapayapaan para sa atin at sa marami pang iba."[3]

Magtiwala tayo sa Diyos sa mga oras na nahaharap tayo sa mga mahihirap na pagdedesisyon, tulad ng ginawa ni O.L. na taga-Guatemala. "Nagtatrabaho ako noon bilang isang tagaluto sa isang bahay para sa mga matatanda. Mula sa may pasilyo, narinig ko ang isang matandang babae na humihingi ng tubig na maiinom. Kahit na bawal sa amin ang umalis sa kusina, malugod ko siyang binigyan ng isang basong tubig. Nagliwanag ang ang kanyang mga mata. Nangangalahati pa lamang siya sa pag-inom, hinawakan niya ang kamay ko at sinabi: 'Samahan mo ako ng sampung minuto!' Ipinaliwanag ko sa kanya na bawal iyon at maaari akong matanggal sa trabaho. Subalit ganoon na lamang ang pagtingin niya sa akin na di ko siya mahindian… Kaya't nanatili ako. Humiling siya na sabay naming dasalin ang 'Ama namin…'. At sa huli, nagwika siyang nakikiusap, 'Kumanta ka ng kahit ano.' Sumagi sa isip ko ang mga katagang 'Wala tayong dadalhin, tanging pagmamahal lamang…'. Pinagtinginan kami ng ibang nakatira doon. Masaya ang matandang babae at sinabi niya sa akin, 'Anak, pagpalain ka ng Diyos.' Makalipas ang ilang sandali, pumanaw siya. Natanggal ako sa trabaho dahil umalis ako sa kusina. Kahit di na ako makakatulong sa pagsuporta sa aking pamilya, masaya ako at panatag ang loob. Tumugon ako sa tawag ng Diyos at ang matandang babaeng iyon ay hindi mag-isa sa pinakamahalagang hakbang na ginawa niya sa kanyang buhay."

**"Alam natin na sa lahat ng bagay, gumagawa ang Diyos para sa ikabubuti ng mga nagmamahal sa kanya."**

Letizia Magri

Each month the Focolare offers a Scripture passage as a guide and inspiration for daily living.

1. Cf. Roma 8:22-27

2. Cf. Pahayag 21:1

3. C. Lubich, Kataga ng Buhay, Agosto 1984

Distributed in Japan by Focolare:
www.focolare.org/en • www.focolare.org/japan
e-mail:tokyofocfem@gmail.com
Tokyo:03-3330-5619/03-5370-6424 • Nagasaki: 095-849-3812